

AY HAO: ANG DAYALEK NG TAGALOG SA RIZAL

Consuelo J. Paz¹

1 Introduksyon

Inaakala ng karamihan na napakakitid ang sinasakop ng linggwistiks bilang isang disiplina. Ang akala nila ay pinag-aaralan lang ang istruktura ng wika para maituro o para maanalays o di-kaya, para matutunan ang isang wika. Kung tutuusin, mahahalagang bagay na ito. Sa katotohanan, isang sosyal-sayans ang linggwistiks na tunay na multidisiplinari. Keylangan lang isipin na ang wika na interes at data ng syensang ito, ang sumasakop sa lahat ng anumang pag-aaral tungkol sa tao. Nasasabi sa pamamagitan ng wika ang ekspiryensya, pag-iisip, damdamim at dunong ng tao kaya masasabing ang wika ang pinakamahalagang galing dito.

Kung gayon, hindi lang mga titser ng wika o mga mahilig matuto ng iba't-ibang wika ang maaaring makinabang sa mga pag-aaral ng linggwistiks. Malaki ang maitutulong ng mga pag-aaral na ito sa pagkakaintindi ng iba't-ibang aspekto ng buhay ng tao at ng kasalukuyan at nakaraang kalagayan ng buhay nito.

Magandang halimbawa ang salitang **silid** sa Tagalog na naglalarawan kung paano itinatabi ang mga gamit at pati na rin ng pagkilos sa loob ng bahay. Sinisidlan lamang ng gamit ang **silid** at hindi tinutulugan o tinitigilan para makapag-isa. Sa mga katutubong bahay, walang mga partisyon para sa bawat gawain o para sa bawat tao dahil hindi ito kinailangan ng mga nakatira roon. Kaya hindi rin nangailangan ng mga termino para sa mga iba't-ibang kwarto. Noong nagpatayo na ng mga bahay na pinaris sa mga bahay ng Kastila, kinailangang humiram ng mga salitang itatawag sa mga iba't-ibang kwarto, halimbawa, **kumidor, sala, kusina, kwarto, banyo** at iba pa. Maaari tuloy sabihin na noong una hindi gaanong importante sa atin ang magkaroon ng lugar na pansarili at kumikilos tayo ng sama-sama sa loob ng bahay. Noong binago ang loob ng mga bahay, nagkaroon ng pagbubukod at pansariling kilos ang mga naninirahan sa loob nito.

Kahit sa mga apiks na maituturing mga gramatikal na salita, malalaman ang pananaw ng mga nagsasalita. Halimbawa, ang Tag **mag-**, **magsi-** at **magsipag-** ay nagpapahayag ng panggrupong aksyon, o ang **paki-** at **maki-**, at ang mga ekspresyong **Dumaan ka muna**, **Makikiraan nga po** na nagsasabing may maganda tayong pagtingin sa kapwa.

2 Wika at Dayalek

May isang sangay ang linggwistiks na tinatawag na dayalektoloji na kung saan pinag-aaralan ang mga uri ng wika. Sa pamamagitan ng ganitong pag-aaral, matitipon ang mga katunayang historikal, etnolohikal, o sosyolohikal ng isang grupo. Nagagawa ito sa pag-aaral ng mga pag-iiba ng mga istuktura ng wika sa pagdaan ng panahon. Halimbawa, malalaman ang tungkol sa paglilipat-lipat ng populasyon o ang tungkol sa karanasan ng grupo sa pamamagitan ng pag-aanalays ng mga pag-iiba ng mga tunog at ng mga pag-iiba ng mga pormang leksikal at gramatikal. Dahil dito, ang mga ebidensyang galing sa wika'y makakapagpatibay sa mga resulta ng mga pag-aaral ng mga ibang disiplina. Sa kabila naman nito, gumagamit din naman ang linggwistiks ng mga katunayang natipon ng mga ibang disiplina para patibayin ang mga resulta ng mga ganitong pag-aaral ng wika.

Kapag tinanong ang karamihan sa atin kung ano ang mga wikang alam natin o kung ano ang mga wikang sinasalita natin, Ingles, Spanish o Tagalog ang karaniwang sagot. Kung tatanungin naman tayo kung ano ang dayalek natin, sasagot ang karamihan na Tagalog, Ilokano, Sebwano o kung ano mang katutubong wika ang sinasalita. Kung gayon, para sa karamihan ang terminong dayalek ang ginagamit kapag tinutukoy ang alinman sa mga napakaraming wikang katutubo natin. Ito ang popular na kahulugan ng salitang dayalek. Sa katotohanan, isang uri lamang ng wika ang dayalek.

Ano ba ang ibig sabihin ng wika? Ang isang sagot ay ito ang paraan na ginagamit ng isang grupo o komunidad ng tao para makapagkomyunikeyt o makipag-intindihan. Kapag sinabi ng isang Ilokano ang "**Pagatanganak man ti bagas**" at ng isang Kapampangan ang "**Pasalwan mo na kung abyas**" o ng Sebwano ang "**Papalita ko ug**

bugas" hindi sila magkakaintindihan kung hindi sila nakakapagsalita ng mga wika ng nabanggit maliban sa sariling wika dahil ang tatlong sentens na ito'y galing sa mga magkakaibang wika. Kung maririnig naman ng isang Tagalog ang:

- (1) a. **Nagsapul na ba ang ginagawa nya?**
- b. **Nag-umpisa na ba ang trabaho nya?**
- c. **Nagsimula na ba ang gawain nya?**

maiintindihan nya ang tatlong sentens na ito kahit na hindi parehong-pareho ang porma ng mga salita o magkakaiba ang punto ng mga nagsasalita. Isa pang halimbawa ay:

- (2) a. **Mag-urong ka na ng mesa.**
- b. **Magligpit ka na ng mesa.**

Maiintindihan ng halos lahat ng mga Tagalog ang dalawang sentens na ito. Kaya lang, sasabihin nila na ang isa rito'y hindi gamit o sinasabi sa bayan nila. Kung gayon, magkakaibang uri lang ng Tag ang dalawang salita. Maririnig ang **mag-urong** sa ilang probinsya ng Tagalog tulad ng Rizal at ang **magligpit** sa ibang lugar tulad ng Manila.

Kaya wika ang Ilokano, Tagalog, Sebwano, Kapampangan at ang labis pa sa isang daang wika sa Pilipinas at ang bawat isa nito'y may iba't-ibang uri. Ang mga iba't-ibang uri ng isang wika naman ang matatawag na dayalek gaya ng Tagalog sa Rizal, Batangas, Lucena at iba pa. Ang bawat komunidad ng tao'y may masasabing sariling dayalek na napapaloob sa isang wika.

Dapat maliwanagan kung bakit tinatawag na dayalek ang mga wika natin. Nag-umpisa ito noong tinawag na dayalek ang mga wika natin ng mga dayuhang sumakop sa atin. Malamang, dahil sa malaking pagkakaiba ng mga wika natin sa mga wikang Indo-Urupeyo, hindi nila masabi noon kung ano nga ang mga ito. Dahil din siguro sa hindi nila nakilala o hindi pinag-abalahan ang mga laganap na literatura ng bawat wika rito. Lalo pa't ang karamihan ng mga literaturang ito'y binibigkas lamang at hindi napreserb. Maaaring masabi na may mga ortograpiya ang halos lahat ng mga wikang ito dahil laganap pa rin sa ilang grupo tulad ng mga Mangyan sa Mindoro at ng mga Tagbanwa sa Palawan ang sinaunang iskrip nila. Ayaw nga lamang kilalanin ng mga dayuhang sumakop sa Pilipinas na may mga sariling kultura ang mga nadatnan nilang

komunidad dito. Sa pananaw nila'y mababang uri ang mga ito at hindi kaya ng mga wika nito na ipahayag ang kultura at mga konseptong ibig nilang pairalin.

Walang tigil ang pagbabago ng isang wika. Sa araw-araw na pagkokomyunikeyt, naiimpluwensyahan ang nagsasalita ng nagbabagong kapaligiran. Ito'y hindi pareparehong kinokomyunikeyt ng bawat komunidad kaya nagkaroon ng iba't-ibang uri ang isang wika. Halimbawa, halos walang tigil ang komunikasyon ng bawat myembro ng isang pamilya. Kadalasan, gumagamit sila ng mga salitang mey ispesyal na kahulugan para sa kanila kaya't nagkakaroon sila ng isang uri ng wikang tanging kanila. Sa isang pamilyang kilala ko, ginagamit nila ang salitang **inakay** para sa mga maliliit na anak ng mga myembro ng pamilya. Maririnig mo sa kanila ang tanong sa isang ina: "**Kasama mo ba ang mga inakay mo?**" Sa ibang pamilya naman, narinig kong sinasabi ang **nayon** imbis na **ngayon**. Kung gagayahin ang mga inobasyong ito ng iba at kumalat ito sa loob ng komunidad, magkokontribuyt ito sa pagbabago ng dayalek sa lugar na iyon. Mapapansin na mey dayalek na tanging kanila ang mga samahan ng mga magkakaparehong interes o propesyon. Halimbawa, ang mga doktor ay gumagamit ng mga terminong panggamot o syentipiko na binibigyan nila ng mga kahulugan na pang-araw-araw. Narinig ko ang: "**Palo ang riseta para sa katamaran.**" Ginagamit ang terminong sosyal-dayalek sa ganitong uri ng wika.

3 Layunin ng Pag-aaral

Ang bibigyan ng pansin sa papel na ito'y ang dayalek na mas malawak ang gamit, ang ginagamit ng isang komunidad o grupo ng mga komunidad na karaniwang matatagpuan sa isang lokasyong jograpikal. Ang dayalek ng Tagalog (Tag) na sinasalita sa Rizal (R) ang didiskasin dito. Ang mga pagkakaiba ng mga tunog sa mga eryang relik ang ispesipikong tapik ng papel na ito.

Maraming dayalek ang Tag, at kadalasan, kinikilala ang mga ito sa pagkakaiba ng mga punto ng mga nagsasalita kaya't nasasabi na ang isa'y taga-Bulacan, taga-Batangas o di-kaya, taga-Laguna. Kung minsan, napapansin ang kaibahan ng ilan sa mga salitang pareho ang kahulugan pero iba ang kumposisyon ng mga tunog na nagbubuo ng mga

salitang ito. Pero hindi gaanong napapansin ang kaibahan ng ilang tunog o ng ilang katangiang gramatikal kung hindi ito sadyang iniisip. Halimbawa, sa Taal, Batangas maririning ang "**Sinsay ka muna**" imbis na "**Dumaan ka muna**" na ginagamit sa ibang lugar ng Katagalugan. Sinasabi sa Lukban, Laguna ang "**Lumunin mo iyan**" na katumbas ng "**Lunukin mo yan**" sa ibang lugar. Meron na akong nagawang pag-aaral tungkol sa Tag ng R, "**Isang Preliminaryong Pag-aaral ng Tagalog sa Rizal**"², na kung saan naipakita ko na may dalawang eryang relik sa lugar na ito sa pamamagitan ng ebidensyang leksikal at sa pagkukumpul-kumpol ng mga aysoglos². Sa kasalukuyang papel, sisikapin kong ipagpatuloy ang pagtatatag ng teyoryang ito sa pamamagitan ng mga pagbabago ng mga rul ng istruktura ng tunog sa nasabing dayalek ng Tag. Sisikapin kong makabigay ng ilang mungkahi tungkol sa beysik na dayalek o iyong sinaunang anyo nito.

4 Sakop ng Pag-aaral

Sinasakop ng hangganang politikal ng R ang mga bayan buhat sa Malabon at Navotas hanggang Jalajala at buhat Montalban hanggang Las Piñas³. Nilimita ko ang pag-aaral na ito sa mga dayalek na magkakatabi buhat sa Pateros hanggang Jalajala. Kasama sa ibang pag-aaral ang Taguig, Parañaque at Las Piñas. Hindi ko sinama ang Navotas at Malabon dahil sa kagustuhan kong makita muna ang sitwasyon ng dayalek sa magkakatabing bayan. Kaya kasama sa pag-aaral na ito ang mga bayan ng Pateros (Pat), Pasig (Pas), Marikina (Mar), San Mateo (SnM), Montalban (Mon), Cainta (Ca), Taytay (Tay), Antipolo (Ant), Angono (Ang), Teresa (Ter), Morong (Mor), Baras (Bar), Tanay (Tan), Binangonan (Bin), Pililla (Pil), at Jalajala (Jal).

Gagamiting batayang pantulad ang dayalek ng Greater Manila (GM)⁴ ng R para makilala ang mga baguhang salita o inobasyon o di- kaya, ang mga sinauna o di gaanong naririnig na salita. Pinapalagay dito na iisa ang dayalek ng GM. Hindi rin bibigyang pansin ang mga ibang dayalek ng Tag na sinasalita sa Manila tulad ng dayalek ng Troso dahil bukod sa nabigay kong dahilan, wala pa akong pagkakataong mapag-aralan ito⁵.

Sisikapin ko rin na ipakita sa papel na ito ang halaga ng ganitong reserch sa mga ibang larangan ng pag-aaral para mapatunayan na totoong multidisiplinari ang interes ng linggwistiks.

5 Batayang Leksikal

Isang paraan para malaman ang sitwasyong dayalektal ng isang lugar ay pag-aralan ang mga takbo ng mga aysoglos, mga linyang teyoretikal o di-nakikitang linya na nagmamarka sa mapa kung hanggang saan maririnig ang isang salita, tunog o ekspresyon. Iba na ang maririnig na katumbas ng mga ito sa kabila ng linyang ito. Sa pagmamapa ng takbo ng mga aysoglos, makikita na nag-iipon o nagkukumpulan ang mga ito. Itong kumpulan ng aysoglos ang hangganan ng dayalek o dialect boundary. Sa nabanggit kong unang pag-aaral ko ng mga dayalek ng R, naipakita ko ang pagkukumpulan ng mga aysoglos sa R. Kaya lang, hindi malinaw ang pagkukumpol ng mga aysoglos dahil hindi laging sa iisang lugar ang tigil ng mga ito. Gayon pa man, sa pag-aaral ko ng mga ilang leksikal na pagkakaiba, nalaman ko na may dalawang lugar sa R na matatawag na eryang relik. Ang eryang relik ay lugar na hindi o halos hindi inabot ng mga inobasyon o pagbabago sa wika. Masasabing nakaiwas sa lugar na ito ang mga aysoglos ng mga inobasyon o pagbabago.

Bukod sa pagmamapa ng aysoglos, keylangan malaman din ang mga rul o tuntunin ng wika na naiiba o nag-iba na sa iba't-ibang dayalek. Ganitong pag-aaral ang magpapakita ng mahahalaga't makabuluhang pagbabago dahil mapapakita ang development ng isang dayalek buhat sa mas matanda o naunang dayalek. Ang hangganan ng paggamit ng mga rul, kasama ng kumpulan ng mga aysoglos, ang makakapagtatag ng mga hangganan ng mga dayalek sa isang lugar. Mahalaga rin malaman kung bakit nagresis ang tagarito sa pag-iiba ng dayalek.

6 Eryang Relik

Kahit na sinabi sa nakaraang seksyon na may mga kaibahang leksikal ang R at GM na kapansin-pansin, napakita rin na mahirap magtatag ng mga malilinaw na hangganan dahil hindi pare-pareho ang takbo ng mga aysoglos at bahagi lang ng mga ito ang nagtitipon. Itong di-matatag na pagtitipon ng mga aysoglos o ang tinatawag sa Ingles na fluctuating isogloses, kasama ng mga sariling katangian ng mga wika ng iba't-ibang bayan, ang dahilan kung bakit naisip pag-aralang mabuti ang mga lugar na kung saan

mas marami ang mga kaibahan at ang posibilidad na may mga eryleng relik sa R.

Sa nabanggit na unang pag-aaral ko sa dayalek ng R, nalaman na ang pinakamakapal na kumpulan ay nasa paligid ng mga bayan ng Ter, Mor, Car at Bar at sa pagitan din ng Tay at mga kapit-bayang Pas, Car at Ang. Labing-walong aysoglos ang nakatigil sa hangganan ng Ter at Ant, 20 sa hangganan ng Ter at Ang, 17 sa pagitan ng Mor at Bin, 16 sa Car - Bin, 16 sa Bar - Tan at 16 sa Mor - Tan. Tinawag na R_1 at R_2 ang mga eryleng relik na ito. Sakop ng R_1 ang Ter, Mor, Car at Bar, at ng R_2 ang Tay.

7 Kaibahan ng mga Tunog

Bukod sa mga kaibahang leksikal, may mga kaibahan ang mga tunog sa mga nasabing lugar na nagpapatibay sa teyorya na may eryleng relik sa R. Pinapakita ng data na sa kasalukuyan hindi pa natatapos o kumpleto ang mga pag-iibang ito. Gayon pa man, mapapakita ang mga pag-iibang nangyari na o kasalukuyang nangyayari na nagpapatibay sa pagtatag ng eryleng relik. Bibigyan pansin dito ang mga sumusunod:

-K- > K

[bulʔu] - [bulu]
[ʔinʔin] - [ʔinin]

-KK- > -K-

[baltak] - [batak]
[likyab] - [liyab]

h > {0}

{ʔ/#_}

[bitawhan] - [bitawan]
[marahuya] - [maruya]
[hoʔo, huʔo, haʔo] - [ʔoʔo]

-V- > 0/

[tuliya] - [tulya]
[bakaya] - [bakya]

V' {ʔ} V > V {ʔ} V'

{w}

{w}

[paʔa] - [paʔaʔ]
[liʔeg] - [liʔeʔg]
[buʔwan] - [buwaʔn]

r > d

[sanrok] - [sandok]
[bakor] - [bakod]
[raʔan] - [daʔan]

-e > -i-

[maʔinet] - [maʔinit]
[ʔasen] - [ʔasin]

-ng > -n

[ʔaleng] - [ʔalin]
[saʔang] - [saʔan]

(Nowt: **K** = konsonant, **V** = vawel, **ʔ** = glotal-istap, **ŋ** = wala o nawalang tunog, **ng** = velar na nasal)

Sa mga pag-iiba na nakalista sa itaas, makikita na simplifikasyon ang prosesong nangyari sa unang apat. Ang ibig sabihin nito'y sa pagdaan ng mahabang panahon, mey mga tunog na nawala sa pagbigkas ng isang salita dahil sa pagmamadali o dahil mas madaling sabihin ang salita kapag pinaigsi ito.

Mey ilang karagdagang puna tungkol sa pagsimplifay ng mga magkasunod na konsonant o konsonant-klaster (**KK**) na keylangan diskasin para makita kung papano nagkaroon ng pagbabago sa sinaunang Tag kaya nagkaroon ng R_1 at R_2 . Suriin muna natin ang **-KK-** > **-K-**. Ang implikasyon ng pagsimbolays ng pagbabago sa ganitong paraan ay tinatanggap na mas nauna ang pormasyon na magkasunod ang dalawang konsonant at sa haba ng panahon, nawala o hindi na sinasabi ang isa nito. Masasabing ito na ang nangyari dahil sa mas malawak na pamilya ng mga wika sa Pilipinas, mey ebidensya na nangyari ang nasabing pagbabago, halimbawa: ***ʔantut** > **ʔutut** sa Tag, Iba, Isinai, Bontok, Naga, Waray, Tagbanwa at iba pa; ***ʔalnud** > **ʔanud** sa Tag, Ilokano, Itawis, Ilongot, Naga, Virac, Sebwano, Maranaw, Tausug at iba pa⁶. Karaniwan, ang ikalawang konsonant ang naiwan sa ganitong pagsisimplifay ng klaster sa mga wika sa Pilipinas. Makikita ang pangyayaring ito sa mga salitang **likyab**, **baltak**, at **hatak** na naging **liyab**, **batak**, **hatak** sa R.

Mey pagkakaiba ang simplifikasyon ng **-Kʔ-** dahil ang unang konsonant ang naiwan. Ipinakikita ito ng mga salitang **bulʔo**, **ʔinʔin**, **ʔisʔis**, **lagʔok**, **gayʔon**, **bayʔawang** na naririnig sa R_1 at R_2 pero **bulo**, **ʔinin**, **ʔisis**, **lagok**, **gayon/ganon**, **baywang/bewang** sa karamihang lugar sa R. Kung titignan ang distribusyon ng ilan sa mga halimbawang ito, makikitang sinasabi rin ang mga ito sa ilan sa mga lugar sa labas ng dalawang eryang relik. Ilan din sa mga halimbawang ito ay hindi ginagamit sa buong erya. Halimbawa, ang **bulʔo** ay maririnig sa Car, Ter at Mor na sakop ng R_1 pero sinasabi rin ito sa Tan at Jal na malapit doon. Pwedeng magkongklud na inabot na ang Pil at Tay ng nangyaring pag-iiba dahil ang sinasabi doon ay **bulo**. Gayon din ang inobasyon na nangyari sa Bar at Ang na ang katumbas ng salitang ito'y **guya** na maaaring hiniram sa GM. Ang pagbabagong ito'y umabot na sa Pil at Tay kaya parehong ginagamit doon ang **bulo** at **guya**. Kahit na nasa loob ng R_1 ang Bar, inabot na ng nasabing impluwensya ng GM

kaya **guya** ang ginagamit doon.

Interesante rin ang **?in?in - ?inin**. Hindi lang sa R_1 maririnig ang una, sinasabi rin ito sa kalapit na Tan, Pil, Bin, Ang, Jal at Ant. Nagbago o nagsimplifay ito kaya **?inin** ang maririnig sa Mar, SnM, Mon at GM. Pero may mas lumang salita; ito'y ang **linggin** na gamit sa R_2 at magkakumpitasyon sa **?in?in** sa mga bayan ng R_1 na Car, Mor at Bar, at maririnig din ito sa Bin at Ang kaya lang, bihira na sa dalawang bayan na huling nabanggit. Ang ibig sabihin nito'y hindi pa kumpleto ang pag-iiba ng **linggin** tungo sa **?in?in**. Maaaring sabihin na naimpluwensyahan o nag-asimileyt ang tunog na **ng** sa unang konsonant na **l**, kaya naging **n** ito at nagkaroon ng substitusyon ng **?** (**> ?in?in**) bago tuluyan itong nawala o nagkasimplifikasyon, (**> ?inin**).

Pumunta naman tayo sa tuluyang pagkawala ng tunog na **h** o di- kaya, sa substitusyon nito ng **?** sa unang posisyon ng silabol tulad ng **ha?o/hu?o/ho?o > ?o?o**, **bitawhan > bitawan**, **marahuya > maruya**. Malinaw na ebidensya ang unang halimbawa para sa argumento na nauna ang salita sa R_1 at R_2 , mga eryang relik. Makikita na nag-asimileyt ang unang vawel sa **ha?o** (R_2) sa huling vawel kaya ito naging **hu?o** at **ho?o** (R_1), bago nagkaroon ng substitusyon at naging **?** ang tunog na **h**, kaya **?o?o** ang sinasabi sa mga ibang lugar ng R at sa GM. Masasabi rin na mas luma ang mga salitang may **h** o may vawel na nawala, halimbawa, **bitawhan > bitawan**, **tuliya > tulya**.

Ang **r > d** ang isa sa kapansin-pansin na katangian ng R_1 . Sa GM at mga ibang dayalek ng Tag, maririnig ang **d** na nagiging **r** sa unahan ng salitang sumusunod sa isang vawel o sa gitna ng dalawang vawel. Halimbawa, **dito > rito**, **di?in > ri?in**, **pada?an > para?an** at iba pa. Hindi regular ang pangyayaring ito lalo na sa GM. Sa R_1 at sa ilan pang lugar na malapit dito, maririnig ang **r** sa mga salitang ginagamitan ng **d** sa ibang lugar ng R , R_2 at GM. Halimbawa, **rugu**, **rakip**, **hagran**, **tinrig**, **?apru**, **?isra**, **sahor**, **?anor**, **hatir**, at iba pa. Kaya lang, hindi nangyayari ito sa lahat ng salita sa R_1 na may **d** sa ibang dayalek ng Tag, kaya sinasabi nila ang **hindi**, **?ubud**, **dalawa**, **dalaga**, at iba pa.

May dalawang posibilidad na maaaring konsiderahin sa pagpapaliwanag sa pagkaiba ng tunog na ito. Keylangan suriin ito na kaugnay ng mga tunog ng Proto-

Pilipinas (*PP) o ang wikang masasabing pinanggalingan ng mga wika sa Pilipinas. Nalaman ko sa pagkukompara ko ng mga wika rito na ang korespondens ng ***d** sa Tag ay **d** na nagiging **r** kapag napapagitna sa mga vawel. Gayon din sa ilang wika gaya ng Kapampangan, Pangasinan, Maranao, Isinai at iba pa. Kung susundin ito, maaaring sabihin na ang Proto-Tagalog (*PT) **d** ay nagsplit o naging dalawang tunog sa katagalan ng panahon at nagpatuloy na **d** at **r** kapag nasa gitna ng dalawang vawel sa ilang dayalek tulad ng GM pero nagkaroon ng inobasyon sa iba kaya ito naging **r** sa ilang dayalek gaya ng R₁. Nagpatuloy itong **d** kapag mey kalapit na **l** sa loob ng salita, halimbawa, **hadlang**, **dalas**, **dalaga**, **dila**, **kidlat**. Ang isa pang posibilidad ay ang korespondens ng *PP**d** sa *PT ay ***r** na nagsplit at naging dalawang tunog; nagpatuloy itong **r** at naging **d** pagkatabi ang **l** sa ilang dayalek at naging **d** o **r** / V_V sa ibang dayalek.

$$(1) \quad \begin{array}{l} *PPd > *PTd, r / V_V \\ *PTd > GM d, r / V_V \\ R_1 r, d / l, -l \end{array}$$

$$(2) \quad \begin{array}{l} *PPd > *PTr \\ *PTr > R_1 r, d / l, -l \\ GM d, r / V_V \end{array}$$

Ano ngayon ang implikasyon ng dalawang posibilidad na ito sa pagiging eryang relik ng R₁? Kung tatanggapin ang unang posibilidad (1), masasabi na dating nakakalat sa karamihan ng R ang inobasyong *PT**d** > **r** at ang ebidensya nito'y natatagpuan na lang ngayon sa R₁ kaya eryang relik ito para sa pagbabagong nangyari noong panahon na nagsplit ang *PT**d**. Pero kung ang (2) ang tatanggapin, relik ng mas matandang pag-iiba, *PP**d** > *P**Tr**, ang R₁ dahil nagpatuloy ang **r** hanggang ngayon sa lugar na ito. Dapat banggitin dito na mey isa pang bagay na nagpapatunay na eryang relik ang nasabing lugar. Ito'y ang paggamit ng **r** sa Tan at Pil, mga karatig na bayan ng R₁, na halos ang mga matatanda na lamang doon ang ganito magsalita. Kahit sa R₁ mismo, nagkakaroon na ng pagbabago dahil sinasabi nila ang **dapug**, **dikdik**, **hindi**, **binilad/binilar**.

Tignan natin ngayon ang **i** na sinasabing **e** sa huling silabol ng salita sa mga eryang relik, halimbawa, sa R₂ **ma?inet**, **?asen**, at sa R₁ **hater** (hatid), **tinreg** (tindig).

Nangyayari pa rin ito sa mga ibang dayalek ng Tag kapag nasa huling posisyon ang *i* kaya lang, nagfaflaktuweyt o hindi na ito regular, halimbawa, **lalaki/lalake**, **mabuti/mabute**, at iba pa.

Ang huling pagkakaibang keylangang bigyan pansin ay ang **-ng** na katangian ng R_2 : **?aleng** (alin), **sa?ang** (saan). Para mapasyahang makalumang katangian ito at hindi inobasyon na tanging maririnig lang sa R_2 , keylangan magkaroon ng datang galing sa iba't-ibang dayalek ng Tag.

8 Mga Implikasyon

Ano ngayon ang halaga nitong pagtatatag ng mga eryang relik sa R ? Ang masasagot kaagad sa tanong na ito'y ipinapakita ng dayalek dito na matapat ang mga tao sa sarili nilang uri ng wika. Ito'y tinatawag na language loyalty sa Ingles. Dahil dito, naiiba ang dayalek nila sa uring ginagamit sa paligiran nila. Matatanong din kung bakit ganito ang nangyari kahit hindi ito dayalek ng tinitingalang sentro. Pareho ang R_1 at R_2 sa kanilang patuloy na paggamit ng kani-kanilang dayalek pero magkaiba ang nakitang dahilan sa bawat erya. Nagkaroon ito ng kalinawan noong tinignan ang mga katunayan na labas sa larangan ng linggwistiks.

Noong una, ang mga bayan buhat sa Ang at Mar hanggang Jal ay sakop ng Laguna. Ang Mor ang isa sa mga bayan na nadatnan ng mga Kastila noong pumasok si Salcedo sa lugar na iyon noong 1572. Maraming ebidensyang nahukay sa mga baybay ng Laguna de Bay, mga artifaks, na nagpapatunay na meron nang mga mauunlad na komunidad dito bago pa man dumating ang mga Kastila. Ang Mor at mga bayang katabi na sakop nito ay sentro ng distrito at malamang eryang pokal noon. Sa pagdaan ng matagal na panahon, naiba ang sitwasyon. Dahil sa ang R_1 ay eryang pokal noon, patuloy pa rin hanggang ngayon ang kanilang pagiging tapat sa kanilang dayalek. Bukod dito, medyo nasa bandang bundok ang kinaroroonan ng lugar na ito kaya hindi napupuntahan o tinitigilan ng mga taong taga ibang lugar. Kung papansinin ang mga bayan na katabi ng R_1 , mey maidadagdag pa rito.

Isang bisita lang ng Mor ang Bin at noong una, halos hindi masuportahan ng

konting produktung agrikultural ang mga tagaroon. Ngayon, dahil may pabrika ng semento roon, nakakaakit ito ng mga galing sa ibang bayan ng R at ibang probinsya. Dahil dito, nagkaroon ng malaking pagbabago ang dayalek ng Bin dala ng mga inobasyon na pinasok ng mga taga ibang lugar. Tumigil ang mga inobasyong ito sa hangganan ng R_1 kahit hindi ito mahirap marating ng mga galing sa Bin. Sa kabila naman ng eryang relik na ito ang Tan na isa sa pinakaprogresibong bayan sa R. Dahil sa malawak na matatamnang lupain nito, naaakit ng mga homsted o homestead ang mga galing sa ibang lugar. Kaya ang mga ito ang naging hanguan ng mga inobasyon sa salita sa Tan na hindi tinanggap sa R_1 .

May pagkakaiba ang masasabi tungkol sa R_2 . Isa rin sa pinakamatandang bayan ng R ang Tay. Nadatnan pa ito ng mga Kastila kaya hindi nakakapagtaka ang pagkakaroon ng mga lumang salita sa dayalek rito. Kaya lang, napakalapit nito sa GM lalo na ngayon dahil sa mga haywey. Marami silang industriya tulad ng gawaan ng mga sash ng pinto, mga sarahan ng mga bintana at patahian ng mga damit. Mahilig ang mga tagaroon sa komersyo kaya lagi silang lumuluwas sa mga sentro ng GM. Kung gayon, hindi sila nahihiwalay at lantad sila sa mga ibang uri ng Tag. Ito sigurong galing nila sa paghahanapbuhay ang nagbibigay sa kanila ng matatag na kalooban kaya hindi sila nadadala ng ibang salita o di-kaya, hindi nila pinapansin ang pagkakaiba ng salita nila sa GM. Dahil mahusay ang pagtingin ng taong-bayan ng R_2 sa sarili nilang kakayahan, umiiral ang pagiging tapat nila sa kanilang dayalek.

Ang mga nabanggit na mga dahilan ng language loyalty ay keylangan pang pag-aralan nang mabuti. Magagawa ito kung magtutulungan ang mga linggwistik, sosyolohikal, sikolohikal at historikal na pag-aaral, mga multidisiplinaryong pag-aaral, para mas malawak at malalim ang pagkakaintindi sa mga tao sa mga lugar na ito at sa buong R.